V
PAG-ARESTO, PAGDETINE AT PAGPYANSA



NILALAMAN:

A. Ang pag-aresto
B. Ang pagdetine
K. Ang pagpyansa

A. Ang Pag-aresto

1. Ano ang pag-aresto *(arrest)*?

Ang pag-aresto ay ang pagkuha sa isang tao upang papanagutin sa isang krimen *(the taking of a person into custody to answer for the alleged commission of a crime).* Sa esensya, ang pag-aresto ay isang porma ng pagkakait ng kalayaan *(deprivation of liberty)* ng isang indibidwal dahil nililimitahan ng estado ang kanyang karapatang kumilos ng malaya *(freedom of movement).*

Kung gayon, ang pag-aresto ng isang indibidwal ay ligal lamang kung ang estado ay may batayang ligal na hulihin siya. At dalawa lamang ang batayang ligal para arestuhin ang isang indibidwal:

- Una, kung may nakasampang kaso sa korte laban sa indibidwal at ang huwes na may hawak sa nasabing kaso ay nagpalabas na ng ***warrant of arrest*** laban sa akusado.
- Pangalawa, kung ang indibidwal ay nahuli sa isa sa mga pagkakataon kung saan ligal ang ***warrantless arrest***.

2. Ano ang *warrant of arrest*?

- Ito ay isang kasulatan
- na inisyu sa pangalan ng mamamayan ng Pilipinas *(People of the Philippines)* at
- pinirmahan ng hukom
- na nag-uutos sa mga alagad ng batas
- na dakpin ang isang indibidwal
- na nakasaad at inilalarawan sa *warrant*
- upang papanagutin sa isang krimen na
- nakasaad din sa *warrant.*

Sample ng Warrant of arrest:

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT OF DAVAO CITY
11th Judicial Region
BRANCH 11

THE PEOPLE OF THE PHILLIPINES
-versus-
_____
_____
_____
Accused

CRIM CASE NO. 52 927-03
For : Libel

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - /

WARRANT OF ARREST

TO: ANY OFFICER OF THE LAW:

You are hereby commanded to arrest *Dr. Romeo Quijano, Ilang-Ilang Quijano, Samuel Senoren, Danilo Luis M. Mariano, Nick P. Legaspi, Benito Brizuela, Ma. Anicia P. Mejia, Leti Z. Boniol, and Carlos H. Conde,* who are said to be found at (Please turn backpage hereof of accused addresses. or wherever said accused may be found in the Philippines and who has been charged before me with the offense of Libel, and bring said accused before me to be dealth with according to the law.

The bond for the release of the accused is fixed at P10,000 each. The bond may be furnished by said accused either (1) by depositing the amount with the nearest Collector of the Bureau of Internal Revenue or Provincial, City or Muncipal Treasurer, and upon submission of a proper cerificate of deposit and of a written undertaking showing compliance with requirements of Sec. 2 of Rule 14 of the 1985 Rules of Criminal Procedure, accused shall be discharged from custody or (1) by furnishing a property bond undertaken and subscribed by one or more solvent sureties, who are resident owners of real estate, whose solvency are shown by their land tax receipts and certificate of titles, free from encumbrance, justified before and approved by the judge; or (3) by a bond posted by duly licensed and currently authorized surety corporation.

The bail may be approved by a judge of any Regional Trial Court sitting in the Province or City where the accused is being held and shall transmit the same, together with the release papers to this court.

The Officer making this arrest is hereby authorized to discharge the accused from custody after said accused has furnished the bail and duly approved and ordered released by the proper court.

THE HEAD OF OFFICE TO WHOM THIS WARRANT OF ARREST HAS BEEN DELIVERED FOR EXECUTION SHALL CAUSE THE WARRANT TO BE EXECUTED WITHIN TEN (10) DAYS FROM RECEIPT THEREOF. WITHIN TEN (10) DAYS AFTER EXPIRATION OF SUCH PERIOD, THE OFFICER ASSIGNED TO EXECUTE THIS WARRANT SHALL MAKE A RETURN THEREOF TO THIS COURT AND IN CASE OF HIS FAILURE TO EXECUTE THE SAME, HE SHALL STATE THE REASONS THEREOF (Sec.4, Rule 113 of the 1985 Rules of Criminal Procedure).

SO ORDERED.

Given this 20th day of August, 2003 at Davao City, Philippines.

Sgd. VIRGINIA G. HOFILENA-EUROPA
Judge

Complainant:
Gerardo Ignacio Ongkingko,
c/o Lapanday Agricultural
and Development Corp., (Ladeco)
2263 Pasong Tamo Extn., Makati City
and/or Maryknoll Drive, Lanang,
Davao City

Sa *warrant of arrest*, tiyakang tinutukoy ang taong darakpin sa tunay na pangalan. Kung ang nakasaad lamang sa *warrant of arrest* ay ang *alias* ng indibidwal, kinakailangang may ispesipikong paglalarawan ng naturang tao sa *warrant of arrest* – kasarian, taas, pangangatawan, kulay ng balat, buhok at *distinguishing marks o features* nito.

Ang pangkalahatang patakaran o *general rule* ay walang taning o *lifetime* ang *warrant of arrest*, ngunit tungkulin ng opisyal na naatasang magpatupad ng pag-aresto na magbigay ng ulat sa hukom na nagpalabas ng *warrant* sa loob ng 10 araw matapos ito inilabas. Kapag hindi nai-*serve* ang *warrant* sa loob ng mga araw na ito, maaaring humingi ng *"alias warrant"* ang opisyal. Kung hindi ay maa-*archive* o ibobodega ang *warrant of arrest.*

a. Kailan nawawalan ng bisa ang *warrant of arrest*?

- Kapag naaresto na ang akusado.
- Kapag na-*recall* o napawalang bisa ang *warrant (quashed)* dahil kinatigan ng hukom ang *motion to quash* na isinampa ng akusado;
- Kapag lumagpas na ang taning para litisin ang krimen o ang taning sa kaparusahang ipinataw sa akusado na na-*convict in absentia* (prescription);
- Kapag na-*dismiss* na ang kaso sa korte

b. Ano ang pamamaraan ng *service of warrant of arrest*?

- Dapat ay walang di-kinakailangang dahas.
- Dapat dalhin ang inaresto sa pinakamalapit na istasyon ng pulis (at hindi saan pa mang lugar tulad ng kampong-militar, safehouse at iba pa)
- Maaari itong i-*serve* kahit anong

Ang isang naaresto sa isang ligal na *warrantless arrest* ay dapat na maiharap sa *inquest fiscal* sa loob ng mga sumusunod na oras:

12 ORAS - kung ang kinasasang-kutang krimen ay *light offense* o yaong may kaparusahan ng di lalagpas sa 1 buwan na pagkabilanggo

18 oras - kung ang kinasasang-kutang krimen ay *less grave offense* o yaong may kaparusahan ng di bababa sa 1 buwan o di lalagpas sa 6 na taon at 1 araw na pagkabilanggo

36 oras - kung ang kinasasang-kutang krimen ay *grave offense* o yaong may kapurasahang lagpas sa 6 na taon na pagkabilanggo, *reclusion perpetua*, *life imprison-ment* o bitay.

Kapag hindi ito sinunod ng mga humuli ay maaari silang kasuhan ng *"unlawful" detention (delay in delivery of detained persons* sa ilalim ng Artikulo 125 ng *Revised Penal Code*) at dapat kagyat na palayain ang nakakulong.

araw, kahit anong oras – umaga man o gabi – at kahit saanman sa Pilipinas.

- Dapat ipaalam sa hinuli ang kadahilanan ng pag-aresto sa kanya, ang *existing warrant of arrest* laban sa kanya at ang kanyang mga karapatan bilang arestado **(**tinatawag na ***Miranda Doctrine*).**

3. Kailan ligal ang *warrantless arrest*?

Sa pangkalahatan, ligal lamang ang pag-aresto ng isang tao kapag mayroong *warrant of arrest* na ipinalabas ang isang korte laban sa kanya. Subalit may mga pagkakataon na itinakda ng batas at hurisprudensya na ligal at balido ang mga *warrantless arrest*. Ito ay ang mga sumusunod:

- Ang hinuli ay may ginawa, ginagawa o gagawing krimen sa presensya ng humuhuli;
- Ang humuhuli ay may personal na kaalaman na ang hinuli ang siyang may kagagawan sa kagaganap pa lang na krimen;
- Ang hinuli ay takas sa piitan;
- Ang hinuli ay pinaghihinalaang rebelde at/o *rebel sympathizer (Umil vs. Ramos)*;

- Ang paghuli ay nangyari sa isa sa mga ligal na *warrantless searches* tulad ng *checkpoints* at *saturation drives* ng mga pulis *(Posadas vs. CA at Guazon vs. de Villa)*;
- Ang isang akusadong nagpyansa na umalis sa bansa nang walang pahintulot ng korte ay hinuli sa kanyang pagbalik dito sa bisa ng *bench warrant* na pinalabas ng korte o di kaya'y hindi sumipot sa bista nang walang *waiver of appearance* na isinumite.

Ayon sa Ilagan Doctrine ng Korte Suprema, ang iligal na pag-aresto ay maaaring magamot at magiging ligal kapag naglabas kalaunan ng *Information* ang piskalya o ng *warrant of arrest* ang korte laban sa arestado.

Gayunman, ang papalaking bilang ng mga kaso ng walang batayan at walang katwirang pang-aaresto at pagkukulong ay nalikha mula sa desisyon ng Korte Suprema: Umil vs. Ramos (121 SCRA 472), kung saan ay maaaring arestuhin ang isang tao ng walang warrant para sa tinaguriang "patuloy" na krimen ng rebelyon at sedisyon (pang-uupat) sa batayan ng "paghihinala lamang" na taliwas sa pangangailangan na matiyak ang *probable cause*; Ilagan vs. Ponce-Enrile (139 SCRA 349), na nagpasya na wala nang saysay (*moot and academic*) ang remedyong *habeas corpus* kung sa kalaunan ay nakapagsampa na ng kaso sa korte kahit na ang pag-aresto ay iligal na sa simula pa man; Baylosis vs. Chavez (202 SCRA 405), na sa esensya ay kriminalisasyon ng mga pagmpulitikang kaso sa ilalim ng ispesyal na batas na dagdag pa sa pagsampa ng mga kaukulang pampulitikang krimen.

4. Ano ang epekto kung iligal ang pag-aresto?

Kung walang *warrant of arrest* o kung hindi kasama sa isa sa mga

pagkakataon kung saan ligal ang *warrantless arrest*, ang pag-aresto sa isang tao ay iligal.

At kapag iligal ang pag-aresto, sa teorya ay dapat palayain ang arestado. Ngunit base sa ***mapanupil na Ilagan vs. Enrile Doctrine*** ng Korte Suprema, ang iligal na pag-aresto ay maaaring magamot at magiging ligal ito kapag naglabas kalaunan ng *Information* ang prosecutor o ng *warrant of arrest* ang korte laban sa arestado.

KAPAG ILIGAL ANG PAG-ARESTO:
Maaaring magsampa ng kasong administratibo, kasong sibil (*Article* 32 ng *Civil Code* at *Petition for the Writ of Habeas Corpus*) at kasong kriminal *(arbitrary detention, delay of delivery of detention prisoners, unlawful arrest, illegal detention)*

5. Anu-ano ang mga remedyong ligal kapag naaresto?

- Kung may ipinalabas ang korte na *warrant of arrest*, maaaring magsampa ang akusado ng *motion to quash warrant of arrest*.

- Kung iligal ang pag-aresto, maaaring magsampa ng kasong administratibo, kasong sibil at/o kasong kriminal laban sa mga humuli, dagdag sa paghain ng petisyon ng *writ habeas corpus*.

Sa kasong sibil, pwedeng gawin ang mga sumusunod:

- Sampahan ang mga humuli sa paglabag sa Artikulo 32 ng *Civil Code* na nagsasabing

- ang lahat ng opisyal o empleyado ng gobyerno na lalabag o lalapastangan sa mga
- batayang karapatang sibil at pulitikal ng isang indibidwal ay dapat

magbayad ng *daños y perjuicios* sa nasabing indibidwal
- Magsampa ng *Petition for the Writ of Habeas Corpus* laban sa mga humuli

Sa kasong kriminal, maaaring magsampa ng sumusunod na demanda:

- ***arbitrary detention*** (Artikulo 124 ng *Revised Penal Code* o RPC) kung ang iligal na humuli ay isang opisyal o empleyado ng gobyerno

- ***unlawful arrest*** (Artikulo 269 ng RPC), ***arbitrary arrest*** (Artikulo 124 ng RPC), ***kidnapping and serious illegal detention*** (Artikulo 267 ng RPC) o ***slight illegal detention*** (Artikulo 268 ng RPC) kapag ang humuli at nagkulong ay isang *private individual*
- Kapag hindi natalastasan ng mga karapatan sa ilalim ng RA 7438, maaaring magsampa ng kasong kriminal laban sa mga umaresto na hindi kumilala sa karapatan sa abugado at mabisita ng pamilya, kamag-anak, *human rights organization* o ng kanilang kinatawan (Tingnan sa *Annexes* ang buong sipi.)

- Depende sa kasong hinaharap at mga sirkumstansya, maaari ding magpyansa o magsampa ng *Petition for Bail*.

6. Ano ang mga dapat gawin kung may panganib na arestuhin o dukutin ka ng mga pulis, militar o ahente ng estado?

- Manatili sa mga pinagkakatiwalaang grupo o komunidad.Iwasang mamamalagi nang nag-iisa sa bahay o sa mga lugar na dating regular na pinupuntahan. Hanggat maaari ay iwasan ang magtungo sa mga lugar na walang nakakakilala.

- Laging magdala ng sapat na *identification* o anumang ID, talaan ng telepono o anumang *contact number* ng abugado, paralegal o *human rights organization*. Iwasan ang pagdadala ng anumang bagay na

KAPAG MAY PANGANIB NA IKAW AY ARESTUHIN:

1. Iwasan ang nag-iisa.
2. Laging magdala ng sapat na *identification*.
3. Ipaalam sa pamilya, kaibigan o kamag-anak ang iyong sitwasyon.
4. Maging mapagmasid sa iyong paligid.



maaaring gamitin laban sa iyo.

• Ipaalam sa pamilya, kaibigan, kapitbahay, kasama sa organisasyon, at iba pa, ang hinggil sa iyong sitwasyon o ang panganib na arestuhin ka. Ibahagi din sa kanila ang iyong mga kaukulang plano at mga kaugnay na impormasyon na dapat nilang mabatid upang matulungan ka nila nang mas mainam. Makipagka-sundo sa kanila hinggil sa mga dapat gawin kapag naaresto ka:

o kanino dapat humingi ng tulong at paano makokontak ang mga maaaring magbigay ng tulong tulad ng abugado, paralegal, *human rights organization,* at iba pa;
o saan ka maaaring hanapin – presinto, ISAFP, *military detachment*, at iba pa;
o ano ang mga dapat gawin sa iyong mga dokumento at iba pang gamit na maaaring gamitin laban sa iyo.

• Kung may lakad:

o siguraduhing may kasama o kaya ay may makaaalam ng lugar na iyong pupuntahan;
o sabihin sa nakaaalam sa iyong lakad kung sino ang kakausapin at ang oras ng iyong pagdating at pagbalik;
o sabihin din ang mga dapat gawin kung hindi makababalik sa takdang oras o hindi makakarating sa pupuntahan. Hanggat maaari, magtayo ng mekanismo ng komunikasyon ukol dito.

- Gawin ang anumang ligal na hakbang na kinakailangan. Hilingin ang tulong ng abugado o ng sinumang responsableng tao na alamin kung may *standing warrant of arrest* ka o kung may anumang aksyong hayag o di-hayag na pinaplano o ginagawa ang mga militar, pulis, o pinaghihinalaang ahenteng sibilyan laban sa iyo tulad ng *surveillance*. Makatutulong nang malaki sa iyong pagpaplano at pagpapasya sa mga susunod na dapat gawin ang pag-alam sa mga impormasyong ito.

Kung may *standing warrant of arrest* ka o may anumang hakbang ang estado laban sa iyo, ligal man o hindi, kinakailangang agad na makapagpasya kung haharapin at lalabanan ito sa larangang ligal. Anuman ang iyong pasya, agad na hilingin ang tulong at payo ng mga taong direktang may kinalaman sa iyo – pamilya, kaibigan, kamag-anak, komunidad, kasama sa gawain, at iba pa. Kunin din ang payo at tulong ng mapagkakatiwalaang abugado kung mapagpapasyahang harapin ito sa larangang ligal.

7. Ano ang mga dapat gawin sa panahong inaaresto ka ng pulis, militar o ahente ng estado?

- Maging kalmado at agad na magpasya ng iyong ligal na hakbangin.

  - Huwag mag-*panic* o hayaang mangibabaw ang takot sa iyong reaksyon. Tandaan na kapag inaresto ka, may posibilidad na ito ay isang planadong operasyon na ang sangkot ay mga pwersa at aksyong wala sa iyong kontrol.

  - Ituon ang pansin sa bawat pangyayari o kaganapan sa pag-aresto.

  - Agad na magpasya kung susundin mo ba nang mahigpit ang mga karapatang ligal ng pag-aresto sa iyo o igigiit ang mga metalegal na pamamaraan. Ngunit anuman ang maging kapasyahan, huwag itong gagawin nang wala sa panahon o hindi pa hinihingi ng pagkakataon. **Tandaan na ang iyong buhay at kaligtasan,**

LEGAL ASSISTANCE BOOKMARK

KUNG IKAW AY INARESTO AT/O INIMBITAHAN PARA IMBESTIGAHAN

1. IGIIT ANG IYONG KARAPATANG HINDI MAGSALITA AT ANG KARAPATANG MAGKAROON NG ABUGADO NA IYONG PILI.

   NANGANGAHULUGAN ITO NA IKAW AY MAY KARAPATANG TUMANGGI SA MGA SUMUSUNOD:
   - KUHANAN NG LITRATO
   - MAG-*FINGERPRINT*
   - SUMAGOT SA MGA TANONG
   - MAGBIGAY NG PAHAYAG
   - MAG-*FILL-UP* SA ANUMANG FORMS
   - PUMIRMA
   - HALUGHUGIN ANG KATAWAN
   - GUMAWA NG KAHIT ANONG BAGAY NA MAKAPAGPAHAMAK SA IYONG SARILI

2. IGIIT NA MAKAGAMIT KA NG TELEPONO PARA MAKATAWAG SA KAMAG-ANAK, ABUGADO/GRUPO SA KARAPATANG PANTAO TUNGKOL:
   - SA IYONG KINARUROONAN
   - ULAT KUNG ILAN ANG MGA INARESTO
   - DETALYE NG IMPORMASYON NA MAKATUTULONG SA TAONG TINAWAGAN
   - ANG IYONG MGA KAGYAT NA PANGANGAILANGAN

3. TANUNGIN ANG PANGALAN, RANGGO AT POSISYON NG NANG-ARESTO AT NAG-IMBESTIGA SA IYO

gayundin ang mga taong nakapaligid sa iyo, ay nakasalalay sa iyong desisyon.

o Kung magtatangka ng *metalegal* na pamamaraan, isaalang-alang na may mahabang rekord ang mga pwersa ng estado hinggil sa walang-habas na paglabag sa karapatang pantao.

- **Subukang makakuha ng mga bentahe na papabor sa iyo sa oras na iyon o maging sa paggulong ng iyong kaso.**

o Hanggat maaari, tanungin ang pangalan, posisyon o ranggo at yunit o opisinang kinabibilangan o kinapalolooban ng mga umaaresto sa iyo, partikular ang iyong *arresting officer*. Inoobliga sila ng batas na ipabatid sa inaaresto ang mga impormasyong ito. Maaari itong makatulong nang malaki sa iyong ligal na depensa.

o Kapag walang maipakitang *warrant of arrest* ang mga humuli sa iyo, tutulan, hanggat maaari, ang pag-aaresto at igiit na ito ay iligal. Kung mayroon naman silang *warrant of arrest*, hilingin ang kopya at suriin itong mabuti:

- kung tama ba ang pangalang

nakasulat
- dahilan ng pag-aresto sa iyo
- petsa kung kailan inisyu ang *warrant*
- pangalan ng hukom nag-isyu ng *warrant*
- lagda ng hukom na nag-isyu ng *warrant*.

Kung may napansin na anumang depekto o iligalidad, irehistro ang iyong pagtutol na magpaaresto at/o tumangging sumama.

o Huwag kang pumayag na i-*blindfold* at siguraduhing tanungin ang *arresting officer* kung saan ka nila dadalhin.

o Igiit ang iyong tinatawag na ***Miranda rights*** at mga karapatang itinatadhana ng Saligang Batas sa panahon ng pag-aresto at imbestigasyon:

  - ang karapatang manahimik;
  - ang karapatang hindi ipahamak ang sarili;
  - ang karapatang magkaroon ng abugado na mas mainam kung sariling pili;
  - ang karapatang ipaalam sa iyo ng

TANDAAN ANG MIRANDA RIGHTS

- **ang karapatan na magsawalang-kibo *(the right to remain silent)***

- **ang karapatan na magkaroon ng abugado na sariling pili *(the right to have a counsel of choice)***

Hindi maiurong ang mga karapatang ito maliban kung ang pag-urong ay nakasulat at sa harap ng abugado

arresting officer ang iyong mga karapatan bilang arestado
- ang karapatang huwag iharap o iparada sa *tri-media* (*print*, radyo o telebisyon) ang arestado o dinukot

Ang *Miranda* rights ay nagmula sa unang pagkakataon sa kasong *Miranda vs. Escobedo* sa Estados Unidos mismo na kung saan ang Korte Suprema nila ay nagtakda ng mga nasabing karapatan at naging konstitusyunal o ligal na probisyon sa maraming bansa.

KAPAG MAY INARESTO, TUNGKULIN NG PARALEGAL NA:

- **kumuha ng *certified true copy* ng *warrant of arrest, charge sheet* at iba pang mga dokumentong ligal na may kinalaman sa kaso**
- **payuhan ang nahuli sa kanyang mga karapatan**
- **magpyansa (kung aplikable at napagkaisahan)**
- **ilantad ang katiwalian o anumang iligalidad ng pag-aaresto**
- **i-dokumento ang pangyayari at sirkunstansya ng pag-aresto**
- **mag-isip at maglunsad ng mga taktikang *metalegal***

• Pagkakulong, igiit kaagad ang iyong mga karapatan. Huwag pumirma ng anumang dokumento nang hindi naitanong o natingnan ng iyong abugado. Kapag pinapirma ng mga dokumento ng sapilitan at wala ang presensya ng iyong abugado, lagyan ng tanda malapit sa iyong pirma na ikaw ay napilitan lamang tulad ng U.P (***under protest)*** o ***U.D. (under duress)*** o, batay sa sirkunstansya, anumang paraang magpapakita ng pagtutol. Tawagan o kontakin agad ang paralegal, human rights organization o abugado di kaya'y humingi ng tulong ng iba na tawagan o kontakin ang mga ito.

Sa pagtawag, ibigay ang mga mahahalagang sirkunstansya:

- pangalan mo, at ang iyong organisasyon at mga kasamahan, kung mayroon man
- oras, lugar, at kaganapan sa iyong

pagdakip;
- ang pangalan ng iyong *arresting officer*;
- ang kaso na ibinibintang sa iyo;
- ang lugar na pinagdalhan sa iyo;
- ang iyong kagyat na pangangailangan tulad ng gamot kung may sakit, damit, pagkain, atbp.;
- ang pangalan ng mga kapamilya o kamag-anak na maaaring kontakin;
- iba pang mahahalagang impormasyon na makatutulong sa pag-aayos ng iyong kaso.

• Ipaalam sa mga taong nakapaligid sa pinakamadaling panahon ang hinggil sa pag-aresto sa iyo.

o Hanggat maaari, tiyakin na nasasaksihan ng mga taong nasa paligid ang pangyayari at ipaalam sa kanila ang hinggil sa pag-aresto sa iyo at kung sino ang mga umaaresto sa iyo. Ito ay isang mahalagang hakbang upang matiyak na may mga nakasaksi sa pagdakip sa iyo.

Kaya kung kinakailangan, gumawa ng eksena upang makakuha ng atensyon sa publiko habang ikaw ay inaaresto. Hilingin sa mga

Mahalaga na makapagresponde agad ang paralegal sa hinuli o ikinulong ng pulis o militar dahil mahalaga ang mga unang oras at araw na hinuli ang isang indibidwal, lalo pa kung pulitikal ang kanyang kaso sapagkat sa mga unang oras o araw ng kanyang pagkakulong ay maaari siyang maging biktima ng sapilitang pagkawala *(involuntary disappearance), torture, salvaging* at iba pang paglabag sa karapatang pantao. Sa praktika, marami nang inaresto ang mga pulis at militar, partikular na ang mga elemento ng ISAFP na naging biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao na ito.

nasa paligid na saksihan ang pag-aresto sa iyo at pakiusapan sila, kung maaari, na samahan ka nila saan ka man dalhin ng nang-aaresto sa iyo. Kung may pagkakataon, kunin ang mga pangalan at tirahan o iba pang sirkunstansya ng mga nakasaksi sa iyong pag-aresto.

- Hanggat kakayanin, mag-iwan ng *identification* o di kaya ay kagyat na magbigay ng instruksyon sa mga nasa paligid o sa iba pang paraan kung paano makokontak ang mga kinauukulang tao na dapat makaalam ng iyong pagkaaresto o na pwedeng tumulong sa iyo.

B. Ang Pagdetine

1. Ano ang pagdetine *(detention)*?

Sa esensya, ang pagdetine *(detention)*, tulad ng pag-aresto, ay isang porma ng pagsikil ng kalayaan ng isang indibidwal *(restraint of personal liberty)*. Kaya ang pagdetine ng estado sa isang indibidwal ay ligal lamang kung ang estado ay may ligal na batayan na limitahan ang kalayaan ng nasabing indibidwal.

Batay sa umiiral na batas, ang maaari lamang idetine ng estado ay ang mga taong nasasakdal sa mga kasong kriminal. At ang mga nasasakdal na ito ay dapat nakadetine sa mga hayag na kulungan. Labas dito, ang pagdedetine ng estado sa isang tao ay iligal.

2. Anu-ano ang mga karapatan ng nasasakdal sa ilalim ng Saligang Batas ng GRP? (*Seksyon 14, Artikulo III: Kalipunan ng mga Karapatan)*

a. Bigyan ng karampatang kaparaanan ng batas *(due process of law or to be given the opportunity to be heard before he/she is condemned)*

b. Ituring na walang sala hanggat di napatutunayan na talagang walang pagdududa *(presumption of innocence until proven guilty beyond reasonable doubt)*

k. Magmatuwid o depensahan ang sarili sa pamamagitan ng sarili at abugado

d. Mapatalastasan sa tipo at dahilan ng sakdal

e. Mabilis, walang kinikilingan at hayagang paglilitis

g. Makaharap ang mga testigong laban sa kanya

h. Sapilitang kaparaanan upang matiyak ang paghahanap ng testigo at makuha ang ebidensya para sa kanyang kapakanan

i. Karapatan na hindi ipapahamak ang sarili *(right against self-incrimination)*

l. Makiugnay at mabisita anumang oras ng abugado

m. Mabisita ng mga kamag-anak, kaibigan at mga *human rights workers* para sa anumang tulong o ayudang ligal

n. Karapatan na pansamantalang makalaya sa bisa ng pyansa

o. Karapatan na dalhin at idetine sa regular na *detention center* sa halip na sa mga lihim na kulungan.

3. Anu-ano ang mga dapat na isaalang-alang na karapatan ng isang detenido?

a. Mapatalastasan sa karapatan na magsawalang-kibo o manahimik *(right to remain silent)* at ang karapatan na magkaroon ng abugado na may sapat na kakayahan, malaya, at mas mainam na sariling pili *(right to have a counsel of choice).* Kung hindi kaya na magkaroon ng sariling abugado, dapat ay pagkalooban siya ng estado.

b. Hindi maiurong ang mga karapatang ito - na manahimik at magkaroon ng abugado na sariling pili – maliban kung ang pag-urong ay:

- nakasulat *(waiver must be in writing)*; at
- sa harap ng abugado *(in the presence of a counsel)*

k. Ipinagbabawal ang mga sumusunod:
- labis na pagpapahirap
- pwersa at dahas
- pananakot
- pagbabanta
- ikulong ang detenido na mag-isa (bartolina o *solitary confinement)*
- lihim na kulungan
- gawing *incommunicado* ang detenido (pagbawalang may kausap, makakausap o maugnayan)
- iba pang pamamaraan upang sapilitang makakuha ng impormasyon tulad ng paggamit ng *truth serum*, droga, *hypnosis, sleep and food deprivation at blackmail.*

4. Anu-ano pa ang mga ibang uri ng *restraints on liberty* na ginagawa ng mga ahente ng estado laban sa isang indibidwal?

Ang mga sumusunod ay mga karaniwang taktika ng pulis at militar na tahasang lumalabag sa karapatang sibil at pulitikal ng mamamayan na maging malaya kayat dapat na tanggihan ang mga ito:

a. "IMBITASYON" – nagpapanggap sa porma ng imbitasyon na magbigay ng pahayag ngunit sa esensya ay pang-aaresto dahil may elemento ng pamimilit, pananakot at minsan pa nga ay pandarahas.

b. *CUSTODIAL INVESTIGATION* – bagamat ligal na konsepto, na walang pagkakaiba sa *tactical interrogation* sa esensya, sa karanasan ay lumalabag sa karapatang pantao ang mga proseso sa pagsasagawa nito.



k. *POLICE LINE-UP* – pagpapapila ng mga *usual suspects* o *fallguys* kung saan ay ituturo ng diumano'y testigo kung sino ang may diumano'y pananagutan sa krimen.

d. *FORCED RE-ENACTMENT* – pagpapapunta sa pinangyarihan ng krimen upang di umano'y i-*reenact* ang mga pangyayari, pero kadalasa'y sapilitang pinagagawa.

Sa lahat ng mga pagkakataon na nabanggit sa itaas, ang karapatan sa tinatawag na *Miranda Rights* ay dapat mahigpit na ipinatutupad.

5. Anu-ano ang mga remedyong ligal kapag nadetine?

Ang mga remedyong ligal sa detensyon ay tulad din ng mga remedyong ligal sa pag-aresto, ngunit maaari ding magsampa ng:

- kaso ng *delaying release* (Artikulo 126 ng RPC) o
- *motion to dismiss the case*

6. Anu-ano ang mga dapat gawin kapag ikinulong ka at iniimbestigahan ng mga militar, pulis o ahente ng estado?

- Igiit ang mga karaparatan ng isang akusado at detenido. Tandaan na may dalawang mahalagang karapatan ang isang detenido at/o sumasailalim sa *custodial investigation:*

  - ang karapatan na magsawalang-kibo
  - ang karapatan na magkaroon ng abugado na sariling pili. Huwag isuko ang karapatang ito sa pagtanggap ng tulong ng abugado na kaloob ng iyong *arresting officer* o *investigating officer* o mga kasamahan niya.

- Tawagan o kontakin agad ang abugado, paralegal o *human rights organization* o di kaya'y humingi ng tulong sa iba na gawin ang pagtawag o pagkontak sa iyong abugado, sa paralegal o sa *human rights organization*.

  Tulad ng sa pag-aresto, sa pagtawag, ibigay ang mga sumusunod:

  - pangalan mo, at ang iyong organisasyon at mga kasamahan, kung mayroon man
  - sirkunstansya sa pagdakip – oras, lugar, kaganapan, at iba pa;
  - ang pangalan ng *arresting officer*;
  - ang kaso na ibinibintang sa iyo;

- o ang lugar na pinagdalhan sa iyo;
- o mga kagyat na pangangailangan tulad ng gamot, pagkain, damit;
- o pangalan ng kapamilya kamag-anak na maaari kontakin;
- o iba pang mga mahahalaga impormasyon makatutulong sa pag aayos ng iyong kaso.

- Huwag pumirma ng anuman maliban kung ipinayo at sa presensya ng iyong abugado matapos mabasa at masuri ang nilalaman ng dokumento at masang-ayunan ang katotohanan nito.

Tandaan na sa praktika, kadalasan ay may nakahanda nang *confession paper* o yaong tinatawag na *extrajudicial confession* ang *arresting officer* na papipirmahan sa arestado matapos itong takutin at pagbantaan. At dahil sa hindi tinatanggap ng korte ang anumang *confession* na pinirmahan ng arestado nang walang payo at presensya ng abugado, nagpiprisinta ang arresting officer ng serbisyo ng mga abugado na di umano'y tutulong sa arestado sa panahon ng imbestigasyon upang maging balido at ligal ang anumang *confession*. Dapat ay maging mapaggiit sa mga karapatan na nakasaad sa Saligang Batas.

ANG PAGPYANSA



K. Ang Pagpyansa

1. Ano ang pyansa *(bail)*?

Ang pyansa ay ang binibigay na seguridad para pansamantalang makalaya ang isang akusado na hawak na ng batas upang garantyahan ang kanyang pagpapakita sa korte. Ito ay maaaring ibigay ng akusado, ng ibang tao, ng isang institusyon o organisasyon na kumikilos para sa interes ng akusado.

2. Kailan ang pagpyansa ay karapatan ng isang akusado?

Ang pagpyansa ay karapatan ng isang akusado sa mga sumusunod:

- bago o matapos mapatunayang nagkasala ng MeTC/MTC/MCTC; at
- bago mapatunayang nagkasala ng RTC sa isang krimen na hindi pinaparusahan ng bitay, *reclusion perpetua* o *life imprisonment (non-capital offense)* tulad ng *illegal possession of firearms*, *attempted and frustrated murder*, *serious physical injury* o *simple rebellion*.

3. Kailan ang pagpyansa ay nasa *discretion* ng korte?

Ang pyansa ay nasa *discretion* na ng korte matapos ang akusado ay mapatunayan ng RTC na nagkasala sa isang krimen na hindi pinaparusahan ng bitay, *reclusion perpetua* o *life imprisonment.*

4. Kailan hindi pwedeng magpyansa ang isang akusado?

Ang isang akusado na nasasakdal sa isang krimen na may kaparusahang bitay, *reclusion perpetua* o *life imprisonment (capital offense)* tulad ng *murder, homicide*, *arson* at *kidnapping and serious illegal detention* ay

hindi pwedeng magpyansa sa anumang yugto ng kaso kung malakas ang ebidensya ng kanyang pagkakasala.

5. Ano ang maaaring gawin ng isang akusado ng *capital offense* para pansamantalang makalaya?

Ang akusado ng isang *capital offense* ay maaaring magsampa ng ***Petition for Bail.*** Sa pagdinig ng petisyong ito, ang *prosecution* ang may responsibilidad na maipakita na malakas ang ebidensya ng pagkakasala ng akusado *(The prosecution has to prove that the evidence of guilt is strong.)* Kung hindi ito maipamalas ng *prosecution* sa korte, papayagan ng husgado na makapagpyansa ang akusado.

6. Anu-ano ang mga tipo ng pyansa?



May apat na tipo ng pyansa:

a. ***Cash Bond*** – magbayad ng nakahandang pera *(cash)* ayon sa utos ng korte at HINDI ng pulis o piskal (ito ay makukuha uli kung ma*dismiss* ang kaso o ma-*acquit* ang akusado.)

b. ***Surety Bond*** – magbayad ng mula 10-25% *premium* para sa *bail bond* sa isang *surety company*

k. ***Property Bond*** – ang titulo sa lupa ang karaniwang pampyansa na kung saan lalagyan ng *annotation* dito

d. ***Personal Recognizance*** – ipinapasa sa *custody* ng isang kilalang personahe ang akusado (aplikable ito sa mga piling kaso lamang, karaniwa'y mababa ang parusa sa krimen na isinampa)

7. Paano kung malaki ang itinakdang pyansa ng hukom?

Maaaring magsampa ng ***Motion for Reduction of Bail*** ang akusado. Pero kakatigan lamang ito ng korte kapag naipakita ng akusado ang mga sirkunstansya tulad ng:

- hindi siya tatakas;
- siya ay mahirap;
- siya ay isang padre de pamilya;
- siya ay maysakit
- *first-time offender*

(Tingnan sa *Annexes* ang halimbawa ng *Motion for Reduction of Bail*)

8. Saan maaaring magpyansa?

Maaaring magpyansa sa mga sumusunod lamang (at HINDI sa pulis, militar, piskal o sinuman):

- sa korte o huwes kung saan nakasampa ang kaso;
- kung wala ang nasabing huwes, maaaring magpyansa sa ibang hukom ng RTC, MeTC, MTC o MCTC ng parehong probinsya, lungsod o munisipalidad;
- kung ang akusado ay naaresto sa lugar na iba sa kung saan nakasampa ang kaso, maaaring magpiyansa sa RTC ng lugar kung saan naaresto;
- kung walang hukom ang nasabing RTC, sa MeTC/MTC/MCTC ng nasabing lugar ng pag-aresto

Pero kung ang pagpipyansa ng akusado ay nasa *discretion* ng korte - kung nahatulan na ng pagkakasala sa RTC o kung ang kasong kinakaharap ay *capital offense* - at kung hinihiling ng akusado na mapalaya sa pamamagitan ng *recognizance*, ang pagsampa ng *Petition for Bail* ay dapat gawin lamang sa korte kung saan nakasampa ang kaso.

9. Paano magpyansa?

a. Kung *cash bond*:

- *Fingerprinting (“piano”* o ang pagkuha ng marka ng mga daliri*)*
- *Picture-taking (front at left-right side, 2 x 2, minimum of 3 copies)*
- Magbayad sa *city/municipal/provincial treasurer*.
- Dalhin sa korte ang *official receipt.*

Pagkatapos ng ilan pang mga pipirmahan sa korte ay maaari ng palayain ang akusado.

b. Kung *surety bond*

- *Fingerprinting (“piano”* o ang pagkuha ng marka ng mga daliri*)*
- *Picture-taking (front at left-right side, 2 x 2, minimum of 3 copies)*
- I-tsek muna sa *General Clerk of Court* kung hindi *blacklisted* ang *surety company.*
- Magbayad sa kompanya ng 10-25% *premium* ng *bail bond.*
- Gumawa ng s*urety bond* na kapwa sinumpaan ng akusado at isang opisyal ng *surety company.*
- Dalhin sa korte ang *surety bond*.

k. Kung *property bond*

- Fingerprinting (“*piano*” o ang pagkuha ng marka ng mga daliri)
- *Picture-taking* (*front* at l*eft-right sid*e, 2 x 2, *minimum of 3 copies)*
- Magsampa sa korte ng *affidavit* kung saan isasalarawan ang lupa na pampyansa.
- Kapag inaprubahan ng korte ang *property bond,* dapat sa loob ng sampung araw ay patatakan ng akusado ng *lien* ang *certificate*

of title ng lupa na nasa *Register of Deeds* at ang *tax declaration* ng nasabing pag-aari na nasa *provincial, city or municipal assessor.*

- Ipakita sa korte na nagawa na ang mga ito.

d. Kung personal recognizance

Dapat maghain ng *Motion for Bail on Recognizance* ang akusado sa korte kung saan nakasampa ang kaso laban sa kanya. Pero ang ganitong pamamaraan ay karaniwang pupwede lamang sa mga kasong may kaparusahang pagkabilanggo ng di lalagpas sa 6 na taon, at depende sa diskresyon ng korte; liban lamang kung ito ay bahagi ng *confidence and goodwill-building measures* o batay sa *humanitarian grounds* sa balangkas ng usapang pangkapayapaan.

10. Maaari bang magpyansa ang isang akusado kung may nailabas na *warrant of arrest* laban sa kanya ngunit hindi pa siya nahuhuli?

Maaari ng magpyansa ang akusado kung may nailabas na *warrant of arrest* laban sa kanya kahit hindi pa siya nahuhuli. Ito ay tinatawag na *"voluntary surrender"* upang maiwasan ang kahihiyan na mahuli at makulong pa.



11. Ano ang tinatawag na *jump bail*?

Ang ***jump bail*** ay ang *"pagtakas"* o

ang hindi pagsipot sa korte sa nakatakdang pagdinig sa kaso matapos magpyansa. Maaari itong magresulta ng kumpiskasyon o pagtataas ng piyansa at ang pagpapalabas ng hukom ng *bench warrant* laban sa akusado.

Kaya upang maiwasan ito, kinakailangang magsumite ang akusado ng *waiver of appearance* kung hindi rin lang makakadalo sa pagdinig sa kanyang kaso.

12. Ang pagpyansa ay hindi hadlang sa pagkwestyon sa iligalidad ng paghuli, kawalan o iregularidad ng *preliminary investigation*

Ang akusadong nagpipyansa ay hindi napipigilang kwestyunin ang bisa ng kanyang pagkahuli, o ang ligalidad ng *warrant of arrest*. Gayundin, maaari pa ring batikusin ang iregularidad o ang kawalan ng *preliminary investigation* ukol sa reklamo laban sa kanya. Kinakailangan lamang na gawin niya ang pagkwestyon o pagbatikos nito bago siya magbigay ng tugon (*plea*) sa akusasyon sa kanya.